**UNIBERSIDAD NG PILIPINAS MANILA**

**WIKA 1: Wika, Kultura, at Lipunan**
**Prop. Odessa N. Joson (Ma'am Ow)**

GABAY SA PAG-AARAL: MODYUL H

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

## Introduksiyon

Tulad ng binanggit sa Modyul G, makakamit ang intelektuwalisasyon ng wikang Filipino kung ito ay gagamitin ng mga intelektuwal at dalubhasa sa diksurso. Kailangang kaisa sila sa pagsusulong ng Filipino dahil mayamang baul ang wikang katutubo ng lokal na kaalaman at kalinangan. Na sa pamamagitan ng katutubong wika at katutubong kaalaman, maisusulong at marami pang matutuklasan tungkol sa kanilang larang.

## Layunin sa Pagkatuto:

Sa katapusan ng Modyul H, inaasahan na ikaw ay:

1. Makatutukoy ng ugnayan ng wika sa larang ng agham at teknolohiya;

2. Makapagpapaliwanag sa halaga ng agham at teknolohiya sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino;

3. Makagagawa ng kongkretong proyekto na magpapakita sa ugnayan ng wikang Filipino at larang ng agham at teknolohiya.

## Wikang Filipino sa Larang ng Agham at Teknolohiya

Ano ang kasaysayan ng agham sa Pilipinas? May kaalaman na ba sa siyensiya ang mga Pilipino bago dumating ang mananakop? Kung susuriin ang iba't ibang sangay ng agham, makikitang may ugat ito sa kasaysayang prekolonyal. Mayroon nang kamalayan at malalim na pagkakaintindi ang ating mga ninuno sa siyensiya ng pagtatanim, paglalayag, pagtataya ng panahon, at iba pa. Halimbawa nito ang medisina at paggamot.

| **Gabay sa Gawain A** |
|---|
| 1. Basahin mo ang sanaysay na *Paggamot, Medisina, at Wika* (1996) ni Enrico Azicate.<br>2. Pagkatapos basahin ang sanaysay, pag-isipan mo ang mga sumusunod:<br>a. Ano-ano ang katangian ng tatlong yugto sa pag-unlad ng medisina sa Pilipinas? |

b. Paano ginamit ang wika sa bawat yugto?

3. Hanapin mo ang mga imahen ng pinta na *Ang Pag-unlad ng Panggagamot sa Pilipinas* ni Carlos “Botong” Francisco sa internet. Ipaliwanag mo ang katangian ng isang (1) yugto gamit ang partikular na bahagi ng pinta.

Kung babalikan ang natutunan mo tungkol sa intelektuwalisasyon, para maging intelektuwalisado ang wika kailangan gamitin ito sa iba’t ibang larang. Ginagamit ba ang wikang Filipino sa larang ng agham at teknolohiya? Sa dalawang sanaysay nina Sevilla (2009) at Anglo (2009) malalaman ang paggamit ng wikang Filipino sa kemistri at matematika. Ipinaliwanag nila ang kani-kaniyang karanasan sa pagtuturo at paggamit ng Filipino, maging ang kanilang mga mungkahi para sa pagsasalin ng mga termino at konseptong pang-agham.

**Gabay sa Gawain B**

1. Basahin mo ang sanaysay na *Pagsasalin sa Larangan ng Kemistri* (2009) ni Fortunato Sevilla.
2. Pagkatapos basahin ang sanaysay, pag-isipan mo ang sumusunod:
   a. Ano-ano ang mga modelong ginamit na sa pagsasalin ng mga salitang pang-agham sa Filipino?
   b. Alin sa mga ito ang pinakaangkop? Ipaliwanag mo.
3. Basahin mo ang sanaysay na *Pagsasaling Teknikal bilang Teknolohiya* (2009) ni Emmanuel Anglo.
4. Pagkatapos basahin ang sanaysay, pag-isipan mo ang sumusunod:
   a. Ano-ano ang apat na katangian ng pagsasalin sa agham?
   b. Bakit nagpapatuloy ang pesimismo sa hanay ng mga siyentista tungkol sa paggamit ng Filipino sa agham?
5. Panoorin mo ang video na *Wikang Filipino sa Computer Science* **https://youtu.be/8lS2dyTD-5Q** Pansinin mo ang mga tugon at sagot ng mga propesor/dalubhasa sa video sa usapin ng paggamit ng wikang Filipino sa computer science. Iugnay mo ito sa mga usaping tinukoy nina Sevilla at Anglo sa kanilang sanaysay.

Dahil sa COVID-19, naging labis na abala ang iba’t ibang sangay ng agham para tugunan ang mga panganib at hamon ng pandemya. Lahat ng mga sangay ng agham, mula sa medisina, pampublikong kalusugan, matematika, statistics, at iba pa ay nagsasama-sama para labanan ang pandemyang COVID-19. Paano makakatulong ang wika sa panahong ito?

**Gabay sa Gawain C**

Maghandang makinig at makilahok sa pag-uulat ng pangkat. Nakapaloob sa ulat ang isang maikling pagsusulit para sa mga hindi kasapi ng pangkat. Maghanda sa pagsusulit na inihanda ng pangkat. Saklaw ng pagsusulit ang mga sanaysay sa modyul na ito.

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

| | |
|---|---|
| **Uri ng maikling pagsusulit**: MCQ, Short answers | |
| **Puntos ng maikling pagsusulit**: 10pts | |
| | |
| **Format ng Pangkatang Pag-uulat:** 30 mins max (hindi kabilang ang pagsusulit), *onsite* | |
| **Rubrik ng Pagpupuntos para sa Pangkatang Pag-uulat (10pts):** | |
| **Pagsunod sa batayang pamantayan ng gawain:** | |
| Partisipasyon ng lahat ng miyembro | 1pt |
| Obserbasyon ng batayang format | 1pt |
| **Malikhaing presentasyon ng mga idea:** | |
| Kawili-wiling format ng pag-uulat | 1pt |
| Malikhaing biswal na presentasyon | 1pt |
| **Maayos na pagbabalangkas ng paliwanag:** | |
| Pagtugon sa lahat ng katanungan | 1pt |
| Lohikal at may basehan na papapaliwanag | 2pts |
| **Malinaw na paggamit ng wika:** | |
| Ispontanyong pag-uulat | 2pts |
| Malinaw at magaan na wika | 1pt |

Pangwakas

Sa modyul na ito natuklasan mo na ang agham ay katutubo sa Pilipinas at lalong pinagyayaman sa wika. Maaaring gamitin ang wikang Filipino sa larang ng agham at teknolohiya na higit pa sa mga terminong teknikal, kundi sa diwa at mapagpalayang proyekto. Na para lalong maging angkop at makabuluhan ang agham kailangan gumamit ito ng wika na naiintindihan ng higit na nakararami.

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

Mga Sanggunian:

Azicate, E. 1996. "Paggamot, Medisina, at Wika" *Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan.* Atienza, M. at Constantino, P. ed. Lungsod Quezon: UP Press.

https://drive.google.com/file/d/1y_A0UIqhoMPb2w2yS__D_BBOEBsTgI20/view?usp=sharing

Sevilla, F. 2009. "Pagsasalin sa Larangan ng Kemistri." *Salin-suri: Panimulang Pagmamapa ng mga Larangan ng Pag-aaral ng Pagsasalin sa Filipinas (SANGFIL, #3)*. Zafra, G. ed. Sentro ng Wikang Filipino – Diliman
https://drive.google.com/file/d/1RfD4zqoWVz1ahV9o7ZHzLiPtsU9n36Jt/view?usp=sharing

Anglo, E. 2009. “Pagsasaling Teknikal bilang Teknolohiya.” *Salin-suri: Panimulang Pagmamapa ng mga Larangan ng Pag-aaral ng Pagsasalin sa Filipinas (SANGFIL, #3).* Zafra, G. ed. Sentro ng Wikang Filipino – Diliman
https://drive.google.com/file/d/1RfD4zqoWVz1ahV9o7ZHzLiPtsU9n36Jt/view?usp=sharing

Wikang Filipino sa Computer Science. **https://youtu.be/8lS2dyTD-5Q**

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)